



Sa pahinang ito

- [Prospective Marriage visa](#)
 - [Visa Extensions](#)
 - [Former Prospective Marriage visa holders](#)
- [Temporary workers](#)
- [Working Holiday Makers](#)
- [Visitors](#)
- [Buod ng refund at waiver ng VAC at mga hakbang sa pagbibigay ng palugit sa visa](#)

Magkakaroon ng access sa refund o waiver sa kanilang Visa Application Charge (VAC) ang ilang may-ari ng visa na naapektuhan ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19 ng Australia.

Prospective Marriage visa

Ang mga pagbabagong ito ay inanunsyo bilang bahagi ng Federal Budget 2020-21 noong Oktubre 6, 2020, at dinisenyo para suportahan ang mga may hawak at dating may hawak ng subclass 300, Prospective Marriage visa na hindi makapasok ng Australia dulot ng paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19.

Mga Pagbibigay ng Palugit sa Visa

Noong 10 Disyembre 2020, may ginawang mga regulasyon na nagbibigay ng palugit sa bisa ng visa hanggang Marso 31, 2022 sa ilang may-ari ng Prospective Marriage visa na nasa labas ng Australia at mga nagmay-ari ng Prospective Marriage visa mula 6 Oktubre 2020 hanggang 10 Disyembre 2020.

Direktang aabisuhan ng Department ang mga Individual visa holders.

Maaari mong tingnan ang mga detalye at mga kondisyon ng iyong kasalukuyang visa anumang oras sa website ng Department:

<https://immi.homeaffairs.gov.au/visas/already-have-a-visa/check-visa-details-and-conditions/check-conditions-online>

Kung nakatanggap ka ng palugit para sa panahong may bisa ang iyong visa, pero hindi ka naman bumabiyaha sa Australia bilang may-ari ng visa na ito, maaari kang humiling ng refund para sa Visa Application Charge (VAC).

Kasalukuyan naming inaasikaso ang mga paghahanda kung paano isasagawa ang mga VAC refund, at inaasahang magiging available na ito sa pagtatapos ng Pebrero 2021.

Mga dating may-ari ng Prospective Marriage visa

Kung nag-expire na ang iyong Prospective marriage visa, at hindi ka nakabalik ng Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay COVID-19 bago pa ito mag-expire, at hindi nabigyan ng palugit ng regulasyong ginawa noong Disyembre 10, 2020 ang iyong visa, maaari kang humiling ng refund para sa iyong VAC. Nilalayon na maging available na ang refund sa katapusan ng Pebrero 2021.

Kasalukuyan naming inaasikaso ang mga paghahanda kung paano isasagawa ang mga VAC refund.

Bibigyan ng prioridad ang pagpoproseso ng anumang susunod na aplikasyon ng Prospective Marriage o Partner visa na gagawin mo. Nakadepende ang tagal ng pagpoproseso sa mga aplikasyon kung kumpleto na ang aplikasyon at nakatutugon sa lahat ng pangangailangan para sa visa.

Mga Temporary worker

Kung naging bahagi ka ng Pacific Labour Scheme o Seasonal Worker Programme, maaaring karapat-dapat ka para sa refund ng iyong VAC kung ikaw ay:

- pinagkalooban ng visa bago ang Marso 20, 2020 at,
- hindi nakapagbiyahe papuntang Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19.

Kung pinagkalooban ka ng Temporary Skill Shortage o Temporary Work (Skilled) visa, maaari kang makatanggap ng waiver ng VAC para sa aplikasyon ng visa sa hinaharap kung ikaw ay:

- hindi nakapasok sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19 bago nawalan ng bisa ang visa mo,
- nagbiyahe papuntang Australia at nakaalis pero hindi nakabalik sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19 bago nawalan ng bisa ang visa mo.

Mga Working Holiday Maker

Kung pinagkalooban ka ng Working Holiday Makers visa, maaari kang makatanggap ng waiver ng VAC para sa aplikasyon sa hinaharap o refund. Ilalapat ang waiver ng VAC sa isang karagdagang aplikasyon kung hindi ka nakapagbiyahe papuntang Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha o kinailangan mong umalis sa Australia nang maaga dahil sa COVID-19.

Kung hindi ka karapat-dapat na magsumite ng karagdagang aplikasyon dahil pumasa ka sa limitasyon ng edad para sa WHM visa, makakatanggap ka na lang ng refund.

Mga Visitor

Makakapag-apply para sa Visitor (subclass 600) visa sa lalong madaling panahon nang walang VAC ang mga aplikante ng Visitor visa sa labas ng Australia na nag-expire, o mag-e-expire na ang Visitor visa, mula Marso 20, 2020 hanggang Disyembre 31, 2021. Magkakaroon ng bisa ang pagbabagong ito sa umpisa ng 2021. Dapat ding magkaroon ng pahintulot ang mga biyaherong may hawak na visa mula sa mga paghihigpit ng Australia sa mga biyahe bago umalis at kailangan nilang mag-apply para dito nang hiwalay sa kanilang visa application. [Mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyaha.](#)

Buod ng refund at waiver ng VAC at mga hakbang sa pagbibigay ng palugit sa visa

Kategorya ng visa at mga subclass	Mga detalye ng hakbang
Pacific Labour Scheme (PLS) at Seasonal Worker Programme (SWP) (subclass 403)	<p>Refund ng VAC para sa mga naapektuhang may-ari ng visa na hindi nakapagbiyahe bago ang pagsasara ng hangganan noong Marso 20, 2020.</p> <p>Karapat-dapat para sa refund matapos mag-expire ang visa.</p>
Temporary Skill Shortage o Temporary Work (Skilled) visa (mga subclass 482 at 457)	<p>Waiver ng VAC na kaugnay ng mga kasunod na aplikasyon para sa mga taong nagkaroon ng TSS visa o subclass 457 at hindi nakapagbiyahe papuntang Australia o nakapagbiyahe at nakaalis pero hindi nakabalik bago nawalan ng bisa ang kanilang visa dahil sa pagbabawal sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19.</p> <p>Ilalapat sa mga taong nagkaroon ng TSS visa o subclass 457 habang ipinapatupad ang mga paghihigpit sa pagbibiyaha at nangangailangan ng bagong visa para muling makapasok sa Australia.</p>
Working Holiday Maker (WHM) (mga subclass 462 at 417)	<p>Waiver ng VAC para sa mga may-ari ng WHM visa na hindi nakapagbiyahe sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha o umalis dahil sa COVID-19.</p> <p>Refund ng VAC para sa mga may-ari ng WHM visa na hindi nakapagbiyahe papuntang Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha o umalis nang maaga dahil sa COVID-19; at hindi nakapag-apply ng bagong WHM na may waiver dahil naipasa na nila ang kaugnay na limitasyon sa edad.</p> <p>Walang maximum na oras na dapat ginugol sa Australia ang dating may-ari ng WHM visa bago umalis.</p>

Dapat mag-apply ng bagong visa o refund bago matapos ang 2022.

Ang mga aplikante ng Visitor visa na nag-expire na, o mag-e-expire na ang dating Visitor (subclass 600) visa, habang nasa labas ng Australia mula Marso 2020 hanggang Disyembre 2021 ay magiging karapat-dapat na mag-apply ng Visitor visa nang walang VAC. Magkakaroon ng bisa ang pagbabagong ito sa umpisa ng 2021.

Visitor (subclass 600)

Ang mga karapat-dapat na aplikante ng visitor visa ay makakapag-apply ng Visitor (subclass 600) visa sa lalong madaling panahon sa mga stream ng Turista, Bisita ng Negosyante, Inisponsor na Pamilya o Naaprubahang Katayuan ng Destinasyon nang walang VAC hanggang Disyembre 31, 2022. Kabilang sa probisyon ang mga kasalukuyan at nakaraang may-ari ng visitor visa na hindi nakapagbiyahe papuntang Australia para sa paunang pagpasok, pati na rin ang mga nagbiyahe at nakaalis pero hindi na nakabalik gamit ang multiple entry na visa dahil sa epekto ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19.

Prospective Marriage (subclass 300)

Refund ng VAC o **pagbibigay ng palugit** sa panahon ng pagkakaroon ng bisa visa para sa mga naapektuhang may-ari ng visa na hindi nakapasok o hindi makapasok sa Australia bago mawalan ng bisa ang kanilang visa dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha kaugnay ng COVID-19. Inaasahang magiging available ang mga VAC refund sa pagtatapos ng Pebrero 2021.